



Translation by JR de Vera, Ateneo de Manila University and
Zavier Aguila, University of the Philippines

Ang The Condom Pledge ay isang organizational meta-network at social marketing campaign na naglalayong inormalize ang paggamit ng condom sa mga kabataan sa buong mundo. Nais naming isagawa ang nasabing kampanya sa mga bansa kung saan mataas ang paggamit sa social media sapagkat alam naming magiging mas epektibo ang pagsasagawa nito. Ang aming advocacy efforts ay amin ring isinalin sa siyam na lenguahe ng mga bansa sa Silangang Asya, Timog Silangang Asya, at Timog o Latin America.

Ang aming founding blueprint ay nakabase sa tatlong teorya ng health behavior change: interorganizational relations theory (IOR), ang transtheoretical model (TTM), at social cognitive theory (SCT).

IOR - nais naming makipag-uganayan sa iba't ibang mga grupo sa buong mundo na may parehas na layunin upang makabuo ng “promotional networks.” Nais naming maging ang mga organisasyon na tularan ang aming adbokasiya, at tulungang palawakin ang kanilang visibility sa publiko. Dahil sa mga organisasyong may iisang misyon, nais naming makamit ang pagbabago sa pagpapalaganap ng paggamit ng condom.

TTM - alam naming ang paggamit ng condom ay nangyayari sa iba't ibang lebel, at ang pag-usad sa mga lebel na ito ay dapat magabayan ng "process change variables." Dahil diyan, aming gagamitin ang “self liberation variable” upang mabuo ang aming mensahe sa pamamagitan ng behavioral contract na kilala rin bilang “The Condom Pledge.”

SCT - Ayon sa SCT na nagbibigay ng kahalagahan sa mga ideya ng self-regulation, observational skills, at environmental determination sa paghulma ng health behavior, ang kontratang ito ay isang optimal strategy sapagkat pinalalago nito ang mga ideyang nabanggit. Ang estratehiyang ito ay nagpapaunlad sa goal setting at social role modeling ng mga tao, at sa pagfacilitate sa dalawang estratehiya sa mga organisasyon. Inaasahan naming ang personal, interpersonal, and organizational level factors ay makakatulong sa huling TTM social liberation variable sa pamamagitan ng pagbabago sa positibong paraan sa paggamit ng condom.